AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 1-2**

**Aralin 9**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Nemo, ang Batang Papel" na isinulat ni Rene O. Villanueva.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 9 |
| --- |
| Book Title: Nemo, and Batang Papel |
| Author: Rene O. Villanueva |
| Source: Buri Books |

Magandang hapon! Si Teacher Robyn po ulit!🧡 Today, babasahin natin ang "Nemo, ang Batang Papel" ni Ginang Rene Villanueva 👩🏽🏫

Napansin ba natin mga bata na sa huling tatlong araw, ang ating mga manunulat ay puro mga Ginang o babae? 👩🏽🏫 At nung huling linggo, ang mga kuwento natin ay sulat ni Ginoong Almario, isang lalake 👨🏽🏫! Tunay na ang pagsulat at pagbasa ay bukas sa lahat! Babae man o lalake, bata man o matanda! ❤

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**

Bago tayo mag-umpisa sa huling kuwento natin para sa linggong ito, balikan natin ang ating mga promises! ☺

(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣

(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓

(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**

Tingnan natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔

**(1) Yari**
**(2) Mariin**
**(3) Humahagibis**
**(4) Iglap**

Let's go!

--

📚**NEMO, ANG BATANG PAPEL NI RENE O. VILLANUEVA**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• May isang pambihirang bata na ang pangalan ay Nemo. Si Nemo ay isang batang yari sa ginupit na diyaryo. Siya as isang laruan, isang batang papel. 👦🏽📃
• Inggit na inggit si Nemo sa mga bata. Tuwing makikita niya ang mga bata sa palaruan sa paaralan, gustong-gusto niya ring maging bata. "Gusto kong tumawa tulad ng totoong bata! Gusto kong tumakbo tulad ng totoong bata! Gusto kong maghagis ng bola tulad ng totoong bata!" 😔🏃🤽‍♀
• Sabi nila, kapag hinihiling ka raw na gusto mong matupad, kailangang sabihin mo ito sa pinakamalayong bituin sa langit. Kaya isang gabi, matiyagang nagbantay sa langit si Nemo. Hinintay niya ang paglabas ng pinakamalayong bituin. At nang makita niya ito, sinabi niya ang kanyang hiling. "Bituin, bituin, tuparin ngayon din ako'y gawing batang masayahin!"🌟🌟🌟
• Pumikit nang mariing-mariin si Nemo. Naramdaman niyang parang umiikot ang paligid at nagkakagulo ang busina ng sasakyan. Totoong bata na si Nemo! 😮👦🏽
Kasama niya ang kaniyang totoong tatay na walang trabaho 😓👨🏽, at totoong kapatid na ang ingay-ingay 👦🏽👧🏽📣 sa isang masikip, makipot, at tagpi-tagping totoong bahay.
• "'Wag kayong tatamad-tamad," sigaw ng kaniyang totoong tatay. 😡👨🏽
"Magtrabaho kayo!" Kaya napilitang tumakbo si Nemo palabas ng bahay. 😓👦🏽
• Palakad-lakad si Nemo sa kalye. Hindi niya pansin ang mga humahagibis na bus. Isip siya kung paano makatutulong sa kaniyang totoong pamilya.
• Kahit bata pa, napilitang maghanapbuhay si Nemo. Sa umaga ay nagtitinda siya ng diyaryo at sumasabit sa mga bus. Sa gabi ay nagtitinda siya ng sampagita at humahabol sa mga kotse.
• Pagod na pagod si Nemo araw-araw. Pakiramdam niya, pabilis nang pabilis ang kaniyang pagtanda. Kaya naisipan niyang pumasok sa eskuwelahan. 🏫📚

• Pero dahil marumi ang kaniyang suot at wala siyang sapatos, inirapan lang si Nemo ng Libro. “Hindi ka bagay dito!” sabi ng Libro. “Ang baho-baho mo!” Nagalit sa kaniya ang Mesa, “Ang dumi-dumi mo!” 😓👦🏽
• Kaya napilitang tumakbo si Nemo. Nagtatakbo siya nang nagtatakbo hanggang makarating sa gilid ng dagat. Sinabi ni Nemo ang problema niya sa dagat pero naghikab lang ito.🏃🌊
• Sumama si Nemo sa iba pang batang lansangan. Nagtipon-tipon sila sa isang parke. At sa dilim ng gabi, nagsimula silang maglaro at magkantahan. Nalaman ni Nemo na marami pa lang batang tulad niya. Mga batang lansangan, mga batang kailangang maghanapbuhay dahil sa kahirapan. 🌃👦🏽👧🏽👦🏽👧🏽
• Tinipon ni Nemo ang iba pang batang lansangan. Nang magkuwentuhan silam nalaman nilang pare-pareho pala ang kanilang gusto: mapagmahal na magulang, maayos na tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain. Sabay-sabay silang tumingala sa pinamalayong bituin sa langit at hiniling ang lahat ng ito. “Bituin, bituin, tuparin ngayon din kami'y gawing batang masayahin!” 🌟🌟🌟
• Sa isang iglap, ang mga bata ay naging batang papel. Inilipad sila ng hangin. Inilipad sila sa hangin. Kay gaan-gaan ng kanilang pakiramdam. Kay saya-saya nila dahil malayo na sila sa magulong pamilya, malupit na eskuwelahan, at mapanganib na kalsada. 📃👦🏽👧🏽📃
• Nagtataka ang mga nakakita sa mga batang papel. Marami ang naawa sa kanila. Pero ang hindi nila alam, mas maligaya ngayon ang mga batang papel, gaya ni Nemo, kaysa mga totoong bata na kailangang mabuhay sa malupit na kalsada.

--

✏ **GAWAIN**
Para sa activity natin ngayon, balikan natin kung ano kaya gustong sabihin ng manunulat sa kuwento. Para kay Teacher ito ay mahahanap sa pinag-usapan ng mga batang lansangan, na gusto nila ng “mapagmahal na magulang, maayos na tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain.” Ayon sa kanila, ito ang magpapasaya sa kanila, kaya ano ulit ang wish nila sa mga bituin?

“Bituin, bituin, tuparin ngayon din kami'y gawing batang masayahin!” 🌟🌟🌟

🔎 Sinu-sino ang mga karakter 👨👩👧👦 o bida ng ating kwento? Si Nemo, ang batang papel.

🔎 Saan nangyayari at ating kuwento? 🏞 Iba-ibang ang tagpuan ni Nemo, pero ang pinaka tagpuan ng kuwento ay sa siyudad.

🔎 Sa pagtapos ng kuwento natin nasagot ang problema ⚡ ni Nemo at ng ibang mga batang lansangan. Ano ito? Nag-wish sila para maging “batang masayahin”, at nang na-wish nila ito, lahat sila ay naging batang papel.

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Isa-isahin natin ang mga gusto ni Nemo at ng mga kaibigan niyang batang kalsada. Para maging "batang masayahin" gusto nila ng:
1) Mapagmahal na magulang
2) Maayos na tahanan
3) Masayang paaralan at
4) Sapat na pagkain.

Hindi lang ito mga "gusto", mga bata. Ito ay mga karapatan o rights ng isang bata! Kailangan niyo ito hindi lang para maging masaya, pero para maging bata!

Kailangan niyong mga bata ang mapagmahal na magulang, maayos na tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain para magawa niyo ang gusto niyo, para makasayaw, kanta, laro, o mag-aral! Kailangan niyo ito para kayo'y lumaki ng maganda at mabuti!

Kung tayo'y may nagmamahal na tagapag-alaga, tahanan, masayang paaralan, at sapat na pagkain, ito ay rason para sumaya at magpasalamat! ☺❤ Pero ano kaya magagawa natin para sa mga batang wala ang mga ito? Ano magagawa natin para hindi sila maging batang papel lamang? 🤔

Congratulations mga bata! Tapos na tayo sa linggo! Medyo mas mahirap ang mga lesson natin ngayong linggo, pero sure na sure si Teacher na nakayanan niyo 💪🏽 At alahanin natin ang ating mga promise sa isa't isa, kung may mahirap intindihin o may parte na hindi klaro, wag mag-give up! Wag na wag! Pag nahihirapan, mas mabuti pang humingi ng tulong kay Teacher o sa ating nakakatanda, kesa mag give-up!

Tama? ☺💪🏽❤ ISANG MALAKING GOOD JOB! SA LAHAT!

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.